

Sipat-suri sa mga tulang Barcelonanon

Ebuenga, Kiven Louis Dave Sorsogon State University, Philippines (ebuengakivenlouis@gmail.com)

Jolo, Richelda P.

Sorsogon State University, Philippines (richeldajolo@gmail.com)

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

Received: 14 April 2025**Available Online:** 2 May 2025**Revised:** 25 April 2025**DOI:** 10.5861/ijrse.2025.25090**Accepted:** 30 April 2025

OPEN ACCESS

Abstrak

Tiniyak sa pag-aaral na ito ang pagsusuri sa mga elementong nakapaloob sa mga tulang Barcelonanon mula sa bayan ng Barcelona, Sorsogon. Saklaw ng pananaliksik ang mga tula na nakasulat sa diyalektong Barcelonanon na isinulat ng mga mamamayan at naninirahan sa nasabing bayan. Gumamit ng purposive sampling ang pananaliksik at isinama ang lahat ng may naisulat na tula sa diyalektong Barcelonanon. Sa pamamagitan ng referral technique, natukoy ang 12 kalahok mula sa iba't ibang barangay ng Barcelona na kilala sa pagsulat ng tigsik, rawit-dawit, at bugtong. Gumamit ang mananaliksik ng iskedyul ng interbyu upang makuha ang mga datos. Ginamit ang tematik-analisis at content analysis sa pagsusuri ng mga tula, ayon sa balangkas ni Virgilio S. Almario (Taludtod at Talinghaga, 2017). Natuklasan na ang mga tulang Barcelonanon ay may tatlong pangunahing elemento: tugma, saknong, at talinghaga. Iba-iba ang bilang ng saknong at taludtod sa bawat tula. Ang "Kalipunan ng mga Tulang Barcelonanon" ay naglalaman ng mga akda mula sa mga manunulat sa Barcelona na nagpapakita ng kanilang kultura at galing. Batay sa mga natuklasan, nabuo ang konklusyon na ang mga tulang Barcelonanon ay may malaking epekto sa kultura at panitikan ng bayan, at isang mahalagang bahagi ng kultural na pamana ng Pilipinas. Inirerekomenda ang pag-aaral ng mga tula, tigsik, rawit-dawit, at bugtong upang mapahalagahan ang wika at sining ng Barcelona at magsilbing gabay sa pagpapakilala ng ambag ng Barcelona sa panitikan.

Susing Salita: tula, Barcelonanon, Panitikan, elemento ng tula, suri, kultura

Sipat-suri sa mga tulang Barcelonanon

1. Introduksyon

1.1 Panitikan, Salamin ng Buhay

Hindi maitatangging ang panitikan ay bahagi na ng buhay ng tao, ito ay bahagi na ng lipunang ginagalawan ng mamamayan. Sa bawat galaw at pahayag at imaheng nasasilayan sa paligid ay kapapalooban ng mga kuwento o panitikan. Sa literal na pagpapakahulugan ang panitikan ayon kay Ponciano B. Pineda (1986) ay panumbas ng Tagalog sa “literatura” o literature na kapuwa o batay sa ugat na latin “litera” na ang kahulugan ay “letra” o titik. Ayon din sa kaniya, ito’y nangangahulugang, “bungang-isip na isinatitik”. Pinatutunayan ng nabanggit na literatura na anumang nasa isip ng isang tao ay maaaring maging bahagi ng panitikan. Subalit magiging ganap na kabilang ito sa panitikan kung maisatitik.

Ayon kay Sauco et al. (2016), ang panitikan ay nagsasalaysay ng buhay, damdamin, at karanasan tulad ng pag-ibig, kaligayahan, at kalungkutan. Ipinapakita nito ang yaman ng bawat lugar, na nagiging daan upang makilala ang paniniwala, kultura, at tradisyon. Ayon kay T.S. Eliot (1919), ang panitikan ay isang paraan ng pagpapahayag ng masalimuot na damdamin at ideya na nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa tao at lipunan. Ayon kay Mark (2009), ang panitikan ay isang nakasulat na gawain ng partikular na kultura o relihiyon. Para kay W.J. Long (1909), ito ay tala ng pinakamabuting kaisipan at damdamin ng tao. Ayon kay Gonzales et al. (1982), ang panitikan ay nagpapahayag ng katotohanan at damdamin sa isang paraang abot-kaya ng manunulat. Pinagtibay ito ni Azarias (2018), na nagsabing ang panitikan ay nagpapahayag ng damdamin ng tao hinggil sa mga bagay-bagay sa daigdig, lipunan, at pamahalaan. Ayon kay Villanueva (1998), ang panitikan ay tumatalakay sa damdamin at karanasan ng buhay sa masining na paraan, na may kaugnayan sa pag-ibig.

Ang mga nabanggit na literatura ay nagpapatunay na ang panitikan ay salamin ng buhay, na naglalarawan at nagtatala ng mga karanasan at kaganapan sa buhay ng isang indibidwal. Pinatutunayan din nito na ang panitikan ay bahagi ng pagkatao ng isang mamamayan. Ayon kay Arrogante et al. (2010), bawat bansa ay may sariling kultura at pagkakakilanlan, at ang panitikan ay nagsisilbing salamin ng kanilang kultura na isinasatitik para sa susunod na henerasyon. Ayon naman kay Esquibel (2024), may malalim na implikasyon ang panitikan sa tao, lalo na sa moralidad, desisyon, at pagkatao, at ito ay nagpapalakas ng pakikipag-ugnayan, pagkakaisa, at kultura. Nagpapatunay ang pag-aaral na ito na malaki ang maiiaambag ng panitikan sa pagpapanatili at pagpapakilala ng kultura ng isang lugar. Higit din nitong pinasisigla ang hangarin ng mananaliksik na mailathala ang mga tulang Barcelonanon na bahagi ng panitikan ng Barcelona na kasasalaman ng pagkakakilanlan ng bayan.

Ayon nga kay Pineda (2006), kung mahalaga ang pag-aaral ng panitikan ng ibang bansa, higit na mahalagang mabatid ang panitikan ng sariling bansa at rehiyon. Mamumulat ang kanilang nakaraan, kaugalian, tradisyon, at paniniwala, dahil ayon kay Palangdan (2021), ang panitikan ay nagbibigay hugis sa bunga ng makabuluhang karanasan ng tao. Ayon sa Batas Republika Bilang. 7356 o ang Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining na naglalayong maipreserba ang tanging yaman na mayroon ang ating bansa kabilang na rito ang mga likhang sining kagaya ng mga tula at iba pang mga yamang kultural na mayroon ang ating bansa. Kagaya ng pluralistiko na naglalayong kilalanin ang bawat pook, rehiyon, etnolinguistiko na pook, gayundin ang mga salik pangkalingang paglagom mula sa ibang mga kalinangan sa pamamagitan ng likas na kaganapan ng akulturasyon.

Ayon din sa Saligang Batas ng Pilipinas (1987) artikulo XIV Seksyon 15, dapat tangkilikin ng estado ang mga sining at panitikan na mayroon ang Pilipinas kagaya na lamang ng mga pamanang historikal, kultural, mga likha, at kayamanang batis artistiko ng bansa. Inilahad din sa Seksyon 16 ng nabanggit na artikulo na ang lahat ng mga kayamanang artistiko at historiko ng bansa at bumubuo sa kayamanang kultural nito ay dapat pangalagaan

ng estado na maaaring magregula sa disposisyon nito. Dapat lamang na pangalagaan ng estado ang mga ganitong uri ng pamana ng ating mga ninuno maging ang mga taong nagbuwis ng kanilang buhay makamtan lamang ang kasarinlan at kalayaang tinatamasa natin ngayon. Ito rin ay isang paraan upang makilala ang ating bayan o ang isang lalawigan sa pamamagitan ng nagawang mga sining o sariling katha sa pagsulat ng mga tula. Nakasaad din sa Batas Republika 8492 ang *National Museum Act of 1998* na naglalayong magbigay ng proteksyon at pangangalaga sa mga sining at kultura ng bansa upang magsanhi ng pagbuo ng mga patakaran sa pag-aaral ng mga lokal na mga tula.

Ang mga batas na ito ang kumilala sa katangian ng mga Pilipino upang maipahayag ang kanilang malayang damdamin sa pamamagitan ng kanilang obrang sining. Inaasahan na sa pag-usbong ng makabagong anyo ng pagtutula sa larangan ng panulaan ay nakasuporta ang Estado ng isang bansa upang kilalanin at bigyan ito ng kaukulang pansin at maipreserba bilang yamang sining ng bayan. Batay sa CHED Memorandum Order bilang 75 serye ng 2017, Policies, Standards and Guidelines for Bachelor of Secondary Education (BSEd), nakatuon ang ilan sa mga program outcome ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa pag-aaral sa wika, kultura, lipunan at panitikan. Ilan sa *program outcomes* ay nagsasaad na ang mga mag-aaral ay (1) nagpapamalas ng mataas na antas ng kaalaman sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino. (2) Nagpapakita ng malawak at malalim na pag-unawa at kaalaman sa ugnayan ng wika, kultura at lipunan. (3) Nagtataglay ng kaalaman hinggil sa usapin ng kultural at linggwistikong dibirsidad ng bansa. Samakatwid, nilalayon nito na mas palawakin pa ang kaalaman at pagpapahalaga ng mga mag-aaral na medyor sa Filipino sa wika, kultura at panitikan. Bagamat naging opsyonal ang pag-offer ng mga kursong Filipino at panitikan sa kolehiyo, nagpalabas ng advisory ang CHED na nagmumungkahi sa *Higher Education Institutions* na magsagawa ng mga inobatibong reporma sa kani-kanilang kurikulum na naglalayong hasain ang kasanayan ng mga estudyante hindi lamang sa kasanayan sa Filipino kundi maging sa iba pang rehiyonal na wika.

Sa bisa naman ng Proklamasyon Blg. 968,s. 2015, ipinagdirirwang ang Abril bilang buwan ng Panitikang Filipino kasama ng mga akdang pampanitikang tinatangkilik at pinagyayabong ng sambayanang Pilipino. Sa pakikipagtulungan naman ng *National Commission for Cultures and the Arts*, Komisyon sa Wikang Filipino at iba pang katuwang na ahensya, kinikilala ng Pambansang Buwan ng Panitikang Filipino ang mahalagang papel ng panitikan sa pagkikintal sa darating na henerasyon ng mga pagpapahalagang minana mula sa mga ninuno. Isa rin sa mga isinusulong sa Sustainable Development Goals (SDG) ang pagpapahalaga sa kultura. Nakasaad ito sa *SDG* bilang 11.4 na nagsasaad na kinakailangang higit na palakasin ang suporta at mga hakbangin upang mapanatili ang mga kultural at natural na pamana ng buong mundo. Ang lahat ng mga literatura't proklamasyon ay pagtatanggol sa pagpapahalaga sa panitikan bilang pagsulong sa pagpapanatili ng kultura ng isang bansa. Mahalaga ang mga nabanggit na batas at literatura dahil pinalalakas nito ang hangarin ng mananaliksik na pag-aralan at pahalagahan ang sariling panitikan. Ang panitikang kabuhol ng wika, kultura at pagkatao ng mga Barcelonanon.

Ayon nga kina Andersen at Taylor (2007), ang kultura ay isang kumplikadong sistema ng ugnayan na nagbibigay kahulugan sa paraan ng pamumuhay ng isang grupong panlipunan o isang lipunan sa kabuoan. Sa isang lipunan, binibigyang katwiran ng kultura ang maganda sa hindi, ang tama sa mali at ang mabuti sa masama. Ito rin ang kabuoang konseptong sangkap sa pamumuhay ng mga tao, ang batayan ng kilos at gawi, at ang kabuoang gawain ng tao. (Panopio, 2007). Ayon naman kay Mooney (2011), ang kultura ay tumutukoy sa kahulugan at paraan ng pamumuhay na naglalarawan sa isang lipunan. Ang ginagawa natin sa ating pang-araw-araw na pamumuhay mula paggising hanggang bago matulog ay bahagi ng ating kultura. Ayon din kina Perez at Dela Rosa (2015), ipinapakahulugan na ang kultura ay bumubuo sa kung paano makipagsalamuha sa lipunan at ang kabuuang saklaw ng mga aktibidad at mga ideya ng isang pangkat ng mga tao na nagbabahagian ng isang tradisyon na ipinasa at ipinamana ng isang pangkat sa isang partikular na sibilisasyon at partikular sa panahon. Dagdag pa ni Gascon (2015) na ang mga katutubong panitikan gaya ng mga alamat ay nalinang bilang resulta ng kolektibong pagnanais sa pagpapahayag ng kaisipan, damdamin, mga ideya ukol sa mga bagay-bagay sa paligid na maiuugnay sa interes ng kanilang komunidad.

Ang mga kaugnay na literatura na nakalap ay nagbigay sa pag-aaral ng malinaw na idea, dahil sa sinasalamang ng mga kaugnay na literatura ang mga tradisyon at kultura, na kung saan sa mga nakalap na datos na mga tula ay makikita ang tradisyon na mayroon ang bayan ng Barcelona na hanggang ngayon ay buhay na buhay pa at makikita pa sa mga taong naninirahan dito, kahit na ang mga kultura na hanggang ngayon ay buhay pa at naipasa na sa mga bagong henerasyon. Ang pagkakaroon ng manunulat sa bayan ay mahalagang salik upang maipaabot ang kanyang tunay na saloobin hinggil sa kanyang naisulat na mga akda, kung ano ang kanyang nais na ipahiwatig sa mga tao at sa lipunan. Higit din nitong pinagtitiyay ang pagnanais ng mananaliksik na ipreserba ang mga tulang Barcelonanon upang manatiling buhay kahit na ilang taon man ang lumipas. Isa rin itong paraan upang mapahalagahan ang talent ng mga Barcelonanon sa larangan ng panitikan.

1.2 Ang Panitikang Pilipino

Ang kaisipan ng mga manlilikhang sining ay magandang pakikigalang lalong-lalo na sa tainga, at kung ibig bigkasin animo'y bulaklak na ubod ng bango at ang halimuyak nito ay hindi nagmamaliw, katulad ng karagatan na kapag sinisid ay sadyang napakalalim ng ibig sabihin, hindi marorop ang kailaliman nito. Dahil sa natatanging malawak na imahinasyon ng mga may akda, at dahil na rin sa kanilang masidhing damdamin na pumupukaw sa kanila upang makagawa ng kathang kailan ma'y hindi matatalos ninuman at mananakaw ng mga taong nais maghaharihan at angkinin ang hindi naman kanila. Kaya't nararapat lamang na ating pahalagahan at tangkilikin ang mga gintong pamana ng ating mga ninuno, kahit na ito'y nakalipas na, sapagkat hitik na hitik ito sa kaalaman, ang aral na dala-dala nito'y sadyang mabigat kung iisipin ngunit pag ating sinunod anong ganda at sadyang walang katulad at ang aral ay higit pa sa inaakala ng ibang lahi.

Sa kabilang dako, bago pa man dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, mayroon nang sining at panitikan ang mga sinaunang Pilipino. Karamihan sa mga panitikan nila'y yaong mga pasalin-dila gaya ng mga bulong, tugmang-bayan, bugtong, epiko, salawikain, at awiting-bayan na anyong patula; mga kwentong-bayan, alamat, mito na anyong tuluyan at ang mga katutubong sayaw at ritwal ng babaylan bilang pinakaunang anyo ng dula sa bansa, karamihan sa mga panitikang ito ay pasalin-dila. May mga panitikan ring nasulat sa mga piraso ng kawayan, matitibay na kahoy at makikinis na bato. Ngunit iilan na lamang ang mga natagpuan ng mga arkeologo (archeologists) sapagkat batay sa kasaysayn, pinasunog at pinasira ito ng mga prayle nang dumating sila sa bansa sa paniniwalang ang mga ito ay gawa ng demonyo. Sa panahon din ng kolonisasyon ng Espanya sa bansang Pilipinas ay mayroon ding maraming tula rin ang naisulat sa Wikang kastila. Isa sa kilalang halimbawa ng tula sa panahon ng kastila ay ang "Pasyon" isang epikong tula na nagpapahayag ng buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Kristo, naging popular ito noong ika-19 na siglo.

Si Dr. Jose Rizal ay isang maimpluwensyang makata rin sa panahon ng kolonisasyon na sumulat ng mga tula at iba pang anyo ng panitikan, nakasulat ito sa parehong Kastila at lokal na Wika. Ilan sa mga halimbawa ng kanyang tula ay ang "Sa Aking mga Kababata" at ang "Mi Ultimo Adios" at ito rin ay isang mahalagang bahagi ng kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas. Isang patunay lamang ito na kahit sa panahon ng pananakop ay hindi natitinag ang kamalayan ng mga Pilipino upang ipangalandakan ang kanilang mithiin at inaasam upang matamasa ang kanilang nais na mithiin para sa Inang bayan. Maliban kay Gat. Jose Rizal nariyan din sina Marcelo H. Del Pilar, at Si Graciano Lopez Jaena na mayroong mga katha tungkol sa paghihimagsik laban sa pamahalaang Espanyol at mga pagsasamantala ng mga prayle sa mga Indio. Dahil nga sa pangyayaring ito ay mayroong isang akda si Del Pilar (1888), ang "Dasalan at Tocsohan", gamit nito ang mga popular na dasal sa pamamaraang kakatwa o satirical ay ipinakita niya dito ang mga 'di makataong asal at pamumuhay ng mga Prayleng Espanyol at kung paano sinasamantala ng mga ito ang mga Pilipino.

Sa isang banda naman ay ang kuwento ng Fray Butod ni Graciano Lopez Jaena (1874), na isa ring kilalang propagandista sa panahon ng Kolonyang Espanyol, gamit din dito ang pamamaraang lampoon, isiniwalat niya ang kaululan, kasibaan at ang pangangamal ng kuwarta ng mga prayleng Espanyol. Inilalarawan din ng Fray Butod ang isang prayleng may malaking tiyan na resulta ng katakawan, mahilig sa babae at ang immoral nitong pamumuhay sa kabila ng pangangaral niya ng mga banal na salita umano ng Diyos.

Isang pagpapatunay lamang ito na kahit malupit ang mga sumakop sa Pilipinas noon ay hindi nag dalawang isip ang ating mga Bayani at hindi natinag o natakot na magsulat ng kanilang mga tula sapagkat ito lamang ang tanging paraan upang maiparating nila ang kanilang saloobin sa bawat taong naninirahan sa Pilipinas, at halos ay nabasa ang mga ito ng mga tao lalong-lalo na ng mga mag-aaral, dahil sa ito'y nailathala at naisapapel sa tulong na rin ng mga taong nasa likod nito upang maipabatid ang tunay na kahalagahan ng ating panitikang Pilipino, nagbibigay ng isang reyalidad, moral sa ating totoong buhay, ito ang kaisipan, imahinasyon at ideya ng isang tula, na sumasalamin sa ating kultura at kung ano ang Pilipino kahit sa panahon ng pananakop at kahit ngayong nasa bagong lipunan na ang Pilipinas, siguradong mayroon pa ring gagawa ng makabagong likhang sining at tula, para maipamalas ang angking talento tungo sa pagsulong ng bagong kinabukasan at mahubog ang kasanayang sumulat ng Literatura at maiambag sa ating Panitikang Filipino.

Sa Samantala, mayroong dalawang uri ang panitikan isa na dito ay ang anyong patula na nabubuo sa pamamagitan ng pagsama-sama ng maanyong salita sa mga taludtod na may sukat o bilang ng mga pantig at pagtutugma ng mga salita sa hulihan ng mga taludtod sa bawat saknong. Kabilang dito ang sumusunod: tulang liriko, tulang pasalaysay, tulang pangtanghalan, at tulang patnigan. Ang isa namang uri ng panitikan ay ang tuluyan o prosa na nabubuo sa pamamagitan ng malayang pagsama-sama ng mga salita sa mga pangungusap. Hindi limitado ang paggamit ng mga pangungusap ng may-akda. Sa pag-aaral na ito ay binigyang tuon lamang ang patulang anyo ng panitikan. Ayon kay Macaraig (2004), Ang anyong tula ay naipahahayag sa paraang ang mga salita ay tinataludtod at inihahanay sa isang estropa o saknong. Karaniwang napapaloob dito ang ang lriko, korido, awit soneto at iba pa. Ang tula ay hindi lamang isang panaginip at isang salamin, ganap na halimuyak, tamis, katatawanan, dagong at dagundong. Mayroon ding kagandahan sa langit, gayunpaman, ang brilyante ay nabuo sa dibdib ng madilim na karbon. Kahit anong bagay ay maaaring gawan ng tula at ito ay matatawag pa rin na isang tula. Ang isang tula ay mas malapit sa katotohanan kaysa sa pagsasabi at kuwento. Ang katotohanan ay mas kahanga-hanga kung mayroong pangalanat may gamit ang isang tula (Alexander Pope). Dahilan nito noong panahon ng prekolonyalismo sa ating bansa ay may mga taong nakagawa na ng mga tula, ibig sabihin lamang nito ay bago paman tayo masakop ng mga Espanyol ay may mga ninuno na tayong gumagawa ng kanilang sariling akda lalong-lalo na sa estruktura ng tula. Sinasabi pa nga na ang mga tula noong panahon ay walang mga sukat at tugma ngunit kapag binigkas na ay siyang nagiging tula, tumutugma ito sa sinabi ni Banzuela et al., na ayon naman kay Macaraig (2004) ay bahagi ng tradisyonal na pagtutula ang pagkakahawig ng mga tunog sa dulong pantig ng mga taludtod ng tula o ang tinatawag ngang tugma.

Bilang karagdagan, sa aklat ni Macaraig (2004) inuri niya rin ang tugma sa karaniwan o ganap at di-karaniwan o di-ganap. Ang tugma sa patinig ay maaaring may impit at walang impit habang ang tugma sa katinig ay maaaring malakas na kinabibilangan ng mga letrang b, d, g, k, p, s, at t at ang isa pa ay mahina na kinabibilangan naman ng mga letrang n, m, ng, l, r, y, at w. Likas din sa mga Pilipino ang likas na angking talino at talento pagdating sa larangan ng panulaan at pagsulat, kaya nga marami ang naging tanyag na manunulat mula noon hanggang ngayon, dahil yan sa impluwensiya ng mga manunulat sa larang ng Panitikang Pilipino. Naipapamalas nila ang kanilang galing, at pagmamahal sa ating bayan, higit sa lahat ang kadakilaan na magkaroon ng malaking ambag pagdating sa panitikan.

Ang Rehiyong Bikol ay mayaman sa panitikan na naging daan upang lubos na makilala ng ibang rehiyon. Sinabi ni Ramos (2014), na ang Rehiyong Bikol ay lubhang mayaman sa iba't ibang uri ng akdang lokal, nababasa ang mga ito sa anyong dula, tigsik, tula, rawitdawit, mga awiting Bikol at iba pang anyo ng Panitikan. Ayon sa aklat nina Lorenzo, C., et al. (2010) na mayaman sa literatura o panitikan ang Rehiyon V, ang Bikol. Mayroong mga alamat, awiting bayan, mga bugtong na tinatawag na patotodan, epiko, mga tula at mga pamahiin. Patunay lamang ito na tunay na mayaman sa panitikan ang tinataglay ng rehiyong bikol, panitikan na maaaring itampok, ipakilala, at ipagmalaki sa ibang lahi. Gayundin, ito ay nagsisilbing kayaman ito at pagkakakilanlan bilang isang rehiyon na may sariling kultura, panitikan, at tradisyon. Ayon kina Balunsay at Tindugan (2017) ang palagiang paglingon, pagsipat at edukasyonal na pag-aanalisa sa mga akdang pampanitikan ang mabisa at mainam na paraan ng pagtatangkilik sa sining at panitikang pambayan. Dagdag pa, dapat ay malikom at sa wakas ay maisapapel lalong-lalo na ang mga panitikang hanggang ngayon ay panitikang pasalindila pa rin sa

kabila ng paglaganap ng makabagong teknolohiya.

Ang mga nabanggit na pag-aaral ay na nagpapatibay sa tunguhin ng pananaliksik na ito na isadokumento ang mga tulang naisulat ng mga Barcelonanon upang nang sa gayo'y hindi mawala. Binigyang punto rin dito ang pagkawala ng mga may-alam sa mga ito ay nangangahulugang paglalaho ng mga prinsipyo, damdamin, pagnanais at kariktan ng literaturang sila lamang ang may-alam. Samantala, Ang Rehiyong Bikol ay mayaman sa panitikan na naging daan upang lubos na makilala ng ibang rehiyon. Sinabi ni Ramos (2014), na ang Rehiyong Bikol ay lubhang mayaman sa iba't ibang uri ng akdang lokal, nababasa ang mga ito sa anyong dula, tigsik, tula, rawitdawit, mga awiting Bikol at iba pang anyo ng Panitikan. Ang tulang bikolnon ay naging sentro rin ng pag-aaral ni Balunsay at Tindugan (2017), kung saan binigyang-tuon nila ang tigsik at tirigsikan bilang tulang Caramoranon ng Isla ng Catanduanes. Mahalaga ang mg pag-aaral na ito sapagkat pinatutunayan nitong ang rehiyong bikol ay mayaman din sa tula. Inilahad din dito ang sariling tulang bikolnon na tigsik at rawitdawit na siya ring tuon ng kasalukuyang pag-aaral, subalit nakatuon lamang ito sa bayan ng Barcelona, Sorsogon.

1.3 Ang Tula Bilang Gintong Pamana

Ang kaisipan ng mga manlilikhang sining ay magandang pakinggan lalong-lalo na sa tainga, at kung ibig bigkasin animo'y bulaklak na ubod ng bango at ang halimuyak nito ay hindi nagmamaliw, katulad ng karagatan na kapag sinisid ay sadyang napakalalim ng ibig sabihin, hindi marorop ang kailaliman nito. Dahil sa natatanging malawak na imahinasyon ng mga may akda, at dahil na rin sa kanilang masidhing damdamin na pumupukaw sa kanila upang makagawa ng kathang kailan ma'y hindi matatalos ninuman at mananakaw ng mga taong nais maghaharihan at angkinin ang hindi naman kanila. Kaya't nararapat lamang na ating pahalagahan at tangkilikin ang mga gintong pamana ng ating mga ninuno, kahit na ito'y nakalipas na, sapagkat hitik na hitik ito sa kaalaman, ang aral na dala-dala nito'y sadyang mabigat kung iisipin ngunit pag ating sinunod anong ganda at sadyang walang katulad at ang aral ay higit pa sa inaakala ng ibang lahi. Ayon sa *Symbolism and Imagery in Literature: Definitions and Examples Video* ni Howard (2013), ang mga manunulat ay gumagamit ng simbolismo sa kanilang binuong mga akda. Ito ay upang mapaganda at mapataas ang interes sa pisang binuo. Sa pagdaragdag nito nagkakaroon ng karagdagang pagpapalalim ng mga kahulugan sa pisa. At magkakaroon ang mga mambabasa ng kridibilidad na maunawaan ng mabuti ang isang akda at mapalawak ang isipan pati na ang kanyang interes dahil sa paglapat ng ganitong simbolismo at pagpapalawak ng mga pisa nito. Ayon kay J.C. Balmaceda (1981), "Ang tula ay isang kaisipang naglalarawan ng kagandahan, ng kariktan, ng kadakilaan: tatlong bagay na kailangang magkatipun-tipon sa isang kaisipan upang mag-angkin ng karapatang matatawag na tula". Ang kagandahan, kariktan at kadakilaan ay ang mga bagay na dapat magkasama-sama sa isang tula upang maangkin ang karapatang matatawag na ito, na isang totoong tula.

Ang tula ay hindi lamang isang panaginip at isang salamin, ganap na halimuyak, tamis, katatawanan, dagong at dagundong. Mayroon ding kagandahan sa langit, gayunpaman, ang brilyante ay nabuo sa dibdib ng madilim na karbon. Kahit anong bagay ay maaaring gawan ng tula at ito ay matatawag pa rin na isang tula. Ang isang tula ay mas malapit sa katotohanan kaysa sa pagsasabi at kuwento. Ang katotohanan ay mas kahanga-hanga kung mayroong pangalanat may gamit ang isang tula (Alexander Pope). Dahilan nito noong panahon ng prekolonyalismo sa ating bansa ay may mga taong nakagawa na ng mga tula, ibig sabihin lamang nito ay bago paman tayo masakop ng mga Espanyol ay may mga ninuno na tayong gumagawa ng kanilang sariling akda lalong-lalo na sa estruktura ng tula. At sinasabi pa nga na ang mga tula noong panahon ay walang mga sukat at tugma ngunit kapag binigkas na ay siyang nagiging tula, tumutugma ito sa sinabi ni Banzuela, et.al., na ayon naman kay Macaraig ay bahagi ng tradisyonal na pagtutula ang pagkakahawig ng mga tunog sa dulong pantig ng mga taludtod ng tula o ang tinatawag ngang tugma.

Ayon naman kina Enrijo, Bola, Maniquis, Salum, Canlas, Dasig, Villaverde, Cruz, Magpantay, Gellecanao, at Francia (2016), ang mga nahayag sa itaas patungkol sa mga elemento ng tula ay parte ng tradisyunal. Sa pangunguna ni Alejandro G. Abadilla at ng kanyang mga tagasunod, binigyang tuon nila ang malayang pagpapahayag ng kanilang ideya na hindi sumunod sa tradisyunal na gabay sa pagbuo ng tula. Partikular na sa

sukat at tugma. Ito ay tinatawag sa kasalukuyan na modernong tula.

Sa kasalukuyang panahon, marami naman ang naging ambag sa panitikan kagaya ng tula, ngunit sa paraan din ng makabagong pagsasadula nito, dahilan nito na magkakaroon din ng makabagong pamana na mapagkukunan ang mga bagong silang na mga bata at ng mga taong sa kasalukuyan ay nabubuhay pa rin upang maipagpatuloy ang mga nakagisnang gawain tulad ng pagsulat ng mga tula, nobela, sanaysay at iba pa na maiaambag sa panitikang mayroon ang Piipinas. Sa ngayon din ay napapabilis na ang paghahanap ng mga makabagong likhang sining dahil na rin sa tulong ng makabagong teknolohiya at ng mga social media. Dahilan nito ay muling uusbong ang ating panulaan at muling mabubuhay ang ating sariling Panitikang Filipino, na kahit nasa malayong lugar man ay maaari na ring makita at marinig ang boses ng mga makata, at maririnig din ang taludturan na ayon kay (Banzuela et al.), bawat talutdod ay naghahatid ng makabuluhang diwa na magsisilbing aral at mananatili sa kanilang damdamin. Ito rin ay naglalaman ng iba't ibang paksa. Nang sa gayon maipakita ang kagalingan sa paggawa ng tula at maipamalas ang kanilang talento, dahil bawat tao ay mayroong talento ngunit ang iba ay ayaw naman itong ibahagi sapagkat sila'y nahihiya o sadyang ayaw lang talagang ipakita ang kanilang natatagong mga talento.

Malawak ang kaisipan ng mga tao kaya nga nakakabuo ng iba't ibang mga katha, naipapamalas ang mga natatanging talento, mababakas ang galing kahit saan mang larangan. Ang lahat ng ito'y ipinagkaloob sa atin ng Maykapal na dapat nating gamitin sa kabutihan at ang kapupulutan ng mga aral na magsisilbing gabay patungo sa matagumpay na buhay. Tulad halimbawa ng: kagaya na lamang noong nakaraang pandemya, marami ang naging kilala pagdating sa paglikha ng mga gamut upang makatulong sa mga nangangailangan lalong-lalo na ng may mga sakit. Hindi lamang ang mga naimbentong mga gamot ang nagsilabasan, pati na rin ang mga nagawang tula sa panahon ng pandemya ay mayroon ding nagsilabasan tulad halimbawa ng *Non required Reading in the Time of COVID-19: Alternative Digital Poetry Magazine*, na inilathala ng kasingkasing press at inedit nina Gil S. Montinola, Ferdinand Pisigan Jarin, at Noel G. De Leon. Ayon kina Dimzon at Barrios (Katipunan, 2020), ang mga tulang pinili ay yaong mga tulang maituturing na tugon sa tawag ng panahon ng pandemya dulot ng COVID-19 sa panahon ni Duterte. Dahil sa panahong yaon ay hindi nakakubli ang mga makata kundi sila'y nagkaroon ng iba't ibang imahinasyon, pananaw at ideya upang bumuo olit ng ganitong mga tula na akmang-akma sa tawag ng panahon na kung saan hindi rin magkamayaw ang mga tao sa kung ano ang maaaring gawin, ganitong limitado lamang ang lahat ng mga gawain sa ating mga komunidad nagkaroon ang mga naunulat ng panahon upang pag-isipan ang kanilang gagawing bagong akda dulot ng pandemya.

Sinabi pa nina Dimzon at Barrios na hinalaw mula sa Pinusong sa panahon ng “veerus”, na ang panitikan ay hindi rasong ang mga tulang nilikha alinsunod sa mga gabay ng paglikha na maganda o di kaya'y may layuning baguhin ang kasalukuyang kalakaran. Maitututring itong pinili at layuning isinaisip, para ang isang ideya ay maipahayag, malinaw na ang mga tulang ito ay isinulat sa kontekstong nakapaloob sa teksto ng “veerus”. Na kung saan ang ganitong mga linyahan ay narinig mula sa dating Pangulong Rodrigo Roa Duterte pagdating sa kanyang prees conference at kahit na sa social media kapag siya ay iniinterview. Ang ganitong pananaw na gawain ay suportado ni Eagleton (1983), ayon sakanya ang “panitikan” ay walang estableng kahulugan ngunit may papel na ginagampanan sa sariling panlipunang konteksto at komunidad at gumagalaw sa layuning itinakda na siyang huhubog ng mga kultural na praktis ng mga tao. *“(Literature)”, tell us about the role of a text or a thistle in a social context its relations with and differences from its surroundings the ways, it behaves, the purposes it may be put to and the human practices clustered around it (Eagleton 9)*. Kung kaya magkakaroon ng bagong panitikan hinggil sa ganitong konsepto na sinabi ni Eagleton, para sa mga nagnanais na magsagawa ng akdang tula, at nagnananais na magbahagi ng kanilang mga hinaing at nais na maipaabot sa komunidad man yan o sa politika o kahit saang uri man ng lipunan mabibilang ang gustong gawing tula nang sa gayon ay magkaroon naman ng bagong akda ang ating panitikang Pilipino, ito'y panibagong yugto naman na dapat na malinang sa bawat tao sa Pilipinas na naglalayon na makilala sa larangan ng panulaang Pilipino.

Lubos sa mga Pilipino ang likas na angking Talino pagdating sa larangan ng panulaan at pagsulat, kaya nga marami ang naging tanyag na manunulat mula noon hanggang ngayon, dahil yan sa impluwensiya ng mga

manunulat sa larang ng Panitikang Pilipino. Naipapamalas nila ang kanilang galing, at pagmamahal sa ating bayan, higit sa lahat ang kadakilaan na magkaroon ng malaking ambag pagdating sa panitikan.

1.4 Ang Bayan ng Barcelona

Nakilala ang bayan ng Barcelona sa probinsya ng Sorsogon dahil sa makasaysayan nitong pook tulad na lamang ng simbahan ng Barcelona. Ang simbahan ito ay yari sa mga korales, batoong-buhay, apog at itlog na may estilong neo-classical na itinayo noong 1874. Noong 2020, isinaayos ang simbahan ng Barcelona ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas at pinondohan ito ng pamahalaan. Sinubukang ibalik ng komisyong ang dating estruktura ng simbahan na nasira ng maraming bagyong lumipas, pinangunahan ang proyektong ito ng dating tagapangulo ng Komisyong pangkasaysayan ng Pilipinas na si Dr. Rene R. Escalante. Ilan pa sa mga kilalang historiko-kultural na pamana sa Barcelona ay ang matandang gusali ng La Presidencia na nagsilbing tahanan ng gobernadorsilyo sa panahon ng pananakop ng mga kastila sa Pilipinas at ang Escuela Pia na paaralan para lamang sa mga ilustrados noong panahong ding iyon. (Lokal na Pamahalaan ng Barcelona, 2022). Ang mga lumang gusaling ito ay itinayo noong ika-18 siglo kasabay ng pagpapagawa ng simbahan ng Barcelona at hanggang ngayon nananatiling nakatayo at nagpapaalala sa kasaysayang pinagdaanan ng bayan sa paglipas ng maraming panahon. Ito ay hindi lamang mga estruktura kundi sumisimbolo sa kasaysayan at kultura ng mga Barcelona.(G.B.Dapyawin, 2024).

Noong Abril 16, 1866, idineklara ang Barcelona bilang isang “pueblo civil” o bayan sa bisa ng kataas-taasang kautusan ng Espanya o Spanish Royal Decree. Bagama’t opisyal nang idineklara bilang isang independiyenteng “pueblo civil” o bayan, nanatili ang Barcelona bilang baryon g katabing bayan, ang Bulusan hanggang sa taon na 1968. Maging ang parokya ng Barcelona ay nasasakop pa rin ng bilang bahagi ng parokya ng Bulusan at si San Jose ang Manggagawa, bilang patron. Ipinagdiriwang ng mga katutubo ang kanilang pista ng bayan bilang parangal sa kanilang patron tuwing ika-19 ng Mayo, na nananatili hanggang ngayon. Ang pinakaunang naging pastor ng bayan ay si Rev. Fr. Mariano F. Garcia. Ang Bulusan, noong panahong iyon, ay parte ng probinsya ng Albay na isa sa dalawang orihinal na probinsya ng tangway ng Bicol. Noong ika-17 ng Oktubre, 1894, ang Sorsogon na unang naging baryo ng Bulusan ay naging isang hiwalay na lalawigan. Matapos maging epektibo ang pagiging hiwalay na lalawigan ng Sorsogon noong 1901, ang Barcelona ay naging opisyal na munisipalidad ng probinsya ng Sorsogon (Cieraine Enano, 2023).

Kilala ang Barcelona sa taglay nitong kagandahan at sa natatangi nitong hiyas na kailan man ay hindi magmamaliw at hindi kumukupas, bagkus ay umuusbong pa ito sa bago nitong hinaharap. Tulad na lamang ng lumang simbahan, na sa paglipas ng maraming panahon at taon ay hindi natitinag na kahit may mga dumarating man na mga kalamidad ay anong tibay at tatag nito at marami na rin nakitang mga pangyayari hanggang sa naging kilala ang lugar at sadyang dinarayo ng mga turista at talagang binabalik-balikan, at marami na ngang mga nasasaksihan na mga pagbabagong nagaganap sa kasalukuyang henerasyon. Subalit, hindi lamang dito mayaman ang bayan ng Barcelona kundi maging sa panitikan. Dahil sa pakikipagkuwentuhan ng mananaliksik sa isang mamayan sa lugar ay nabanggit din nitong mahilig din ang mga tao sa kanilang bayan noon na magtigsikan kapag may mga okasyon o kuwentuhang at lalo na kung may inuman. Ito ang pumukaw sa interes na pag-aralan ang mga tulang Barcelonan upang mailathala at huwag mawala dahil ito’y bahagi rin ng kuturang Barcelonanon.

Layunin - Masuri ang mga elementong nakapaloob sa mga tulang Barcelonanon. Partikular, nilalayon nitong a) maisamapa ang mga tulang Barcelonanon, b) masuri ang elemento ng mga tulang Barcelonanon, c) mungkahing gawain batay sa resulta ng pag-aaral.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik - Natiyak sa pag-aaral na ito na masuri ang mga elementong nakapaloob sa mga tulang Barcelonanon, sa bayan ng Barcelona Sorsogon. Layunin din nitong maisamapa ang mga tulang

Barcelonanon, masuri ang mga elemento ng mga tulang Barcelonanon at makabuo ng kalipunan ng mga tulang Barcelonanon. Purposive sampling ang disenyo ng pananaliksik sapagkat lahat ng mga may naisulat na tula sa diyalektong Barcelonanon ay kasama sa pag-aaral, at upang makuha ang mga taong nagsulat ng mga ito ay ginamit ang referral technique. Ang mga partisipants sa pag-aaral na ito ay binubuo ng 12 tao mula sa barangay ng San Isidro, San Vicente, Poblacion Central, Poblacion Norte, Luneta, Macabari, Bangate, Putiao, Alegria, Olandia, sa bayan ng Barcelona, Sorsogon na tinaguriang manunulat ng mga, tigsik, rawitdawit at bugtong na nakasulat sa sariling diyalekto. Bago isinagawa ang ang pakikipanayam at sarbey para sa kinakailangang datos ay ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral at hiningi ang kanilang pahintulot na maging bahagi ng pag-aaral kung saan sila ay lumagda sa consent form na ibinigay ng mananaliksik. Ang mga nalikom na mga tula, tigsik, rawitdawit at bugtong ay binigyan ng interpretasyon ng mananaliksik sa pamamagitan ng pag-aanalisa sa mga akda. Ito ang disenyong ginamit sa pananaliksik.

Partisipants - Ang mga partisipant sa pananaliksik, ay mga residente sa bayan ng Barcelona o ang *Native* Barcelonanon na matagal ng naninirahan sa bayan at mayroong mga naisulat na tula na nakasulat sa diyalektong Barcelonanon na hindi pa nailalathala. Ang mga naging partisipant sa pananaliksik ay kinabibilangan ng tatlong (3) mag-aaral, limang (5) guro, at apat (4) na kawani ng lokal na pamahalaan ng Barcelona Sorsogon.

Etika sa Pananaliksik - Sa isinagawang pag-aaral, susundin ang nakasaad sa Data Privacy Act of 2012 o ang Republic Act No. 10173 na naglalayon na maprotektahan ang mga personal na datos ng impormasyon sa lahat ng pakikipag-usap maging ito man ay isang pribado o pampublikong sektor. Siniguro rin ng mananaliksik na lahat ng akdang magiging bahagi ng pag-aaral ay may pahintulot ng may-akda na mapag-aralan at maisapubliko lalo pa't magiging bahagi ito sa gagawing awtput ng pag-aaral na ito, upang masiguro ito ay pinalagda ng mananaliksik ang mga partisipant sa *consent form* bilang tanda na sila ay sumang-ayon nang naayon sa kanilang kalooban.

Instrumento - Upang makakuha ng mga datos kaugnay sa pagsasamapa ng mga tulang Barcelanon ay gumamit ang mananaliksik ng interbyu iskedyul na naglalaman ng tanong sa kung anong tula ang kanilang naisulat gamit ang sariling diyalekto at maging ang kanilang propayl upang masiguri na sila talaga ay residente ng Barcelona Sorsogon. Samantala, ginamit naman ang balangkas o element ng tula ni Almario S. Virgilio (2017) na nakasulat sa kaniyang aklat na, "Taludtod at Talinghaga" sa pagsusuri at pagtukoy sa mga elemento ng tulang masasalamain sa mga ito.

Pagkuha ng Datos - Ang pananaliksik na ito ay tumatalakay sa mga tulang nakasulat sa diyalektong Barcelonanon na nagmula sa sampu sa dalawampu't limang barangay ng bayan ng Barcelona, Sorsogon. Bago ang pangangalap ng datos, naghanda ang mananaliksik ng mga liham pahintulot na nilagdaan ng tagapayo at dekan, at inaprubahan ng alkalde na si Hon. Atty. Cynthia Falcotelo-Fortes. Sa tulong ni G. Daryle G. Gacosta mula sa opisina ng turismo, nakilala ang gurong si Victoria D. Heje na nagsilbing impormante. Nakipag-ugnayan din ang mananaliksik sa mga punong barangay upang humingi ng gabay sa paghahanap ng mga kalahok na sinadya sa kanilang mga tahanan o trabaho para kapanayamin. Sa tulong ng mga kawani ng barangay, matagumpay na nakalap ang mga tigsik, rawit-dawit, bugtong, at tula sa wikang Barcelonanon. Ang pangangalap ng datos ay isinagawa mula Disyembre 14, 2024 hanggang Pebrero 5, 2025 at ang mga ito ay sumailalim sa masusing pagsusuri at interpretasyon.

Pagsuri ng Datos - Ang mga nakalap na kasagutan sa mga partisipants ay isinailalim sa pagsusuri at pag-aanalisa upang mabigyan ng kaukulang interpretasyon. Gumamit ng tematik-analisis sa pagsasamapa ng tulang Barcelonanon partikular sa pagsuri ng mga temang napapaloob dito. Sa pagsuri naman ng mga elemento nito ay ginamit na batayan ang mga elemento ng tula ni Almario S. Virgilio 2017 sa kaniyang aklat na, "Taludtod at Talinghaga", kung saan ginamit ang content analisis upang matiyak kung anong elemento ang napapaloob dito.

3. Resulta

3.1 Maisamapa ang mga Tulang Barcelonanon

Makikita sa mapa ng Barcelona ang mga sakop nitong mga barangay, na kung saan ay saklaw ng pananaliksik na ito. Ang ilang barangay ay napagkunan ng mga datos kagaya sa barangay San Isidro, ay nakakuha dito ang naging partisipants dito ay isa at nakakuha ng akdang tula, sa Poblacion Norte naman ay isang manunulat din ang napagkuhanan ng datos at ang kaniyang akda ay tigsik, rawitdawit at bugtong, sa Poblacion Central naman isang manunulat din ang nakapagbigay ng bugtong at arawitdawit, sa Barangay Alegria isang manunulat din ng tigsik, sa Barangay Olandia naman isang manunulat din, at makata ng rawitdawit, Barangay Bangate isang manunulat at makata ng tula at sa San Vicente naman ay isang manunulat ng tigsik, Barangay Putiao naman ay nakakuha ng isang manunulat ng tigsik, Barangay Macabari naman ay isang manunulat ng tigsik, sa Barangay Luneta naman ay nakakuha ng tatlong manunulat ng tigsik, rawitdawit at bugtong.

Samantala, makikita naman sa talahanayan ang mga henerasyong nakuhanan ng mga akdang Barcelonanon at ang tema ng mga ito. Makikita sa resulta na mula sa henerasyong Baby Boomers hanggang Gen Z. Kagaya ng sa henerasyon ng Baby Boomers, kung saan mayroong tema na Maging masigasig at pagkakaisa at pagmamahal sa bayan, pagkakaisa o pagtutulungan at mababasa ang ganitong mga kataga sa rawitdawit ni Marissa Brien:

*Kun may kasibutan sa pamilya o sa eskwelahan
Sibot-sibot an mga pagkararani o mga pagkaurupod sa pagdamay
Maski dire pakaunon o pagsuhulan
Basta mayad na pakihuron nan an pag-oropudan*

*kapag mayroong kaabalahan sa pamilya o sa paaralan
Abalang-abala ang mga kapitbahay o ng mga kasamahan sa pagtulon
Kahit na hindi pakainin o bayaran
Basta't sa mabuting pakikipag-usap at mabuting samahan*

Upang magkaroon ng kapayapaan at maayos na pamayanan o ng isang lipunan. Ang ganitong simulain at kaisipan na maisulat ang isang tula ang pumukaw sa mga naging riteradong guro na maipamalas ang kanilang angking talino sa pagsulat ng mga tula at rawitdawit, at dahil na rin sa kanilang pagmamahal sa bayan at pagpupursige na maipakilala ang bayan ng Barcelona at ang pinagmulan nito, na maipakilala ang mga tao na mayroong pagkakaisa at pagmamahal at ang pagiging payak na pamumuhay sa sariling bayan ito ang nag udyok sa kanila kung bakit naisulat ang isang katha. Dahil sa ganitong simulain nais bigyang katuturan ng may-akda ang pagtutulungan ng mga tao sa bayan, kagaya ng mababasa sa tula ng Barcelona ang ganitong pahayag:

*Mga opisyaes kan munisipyo
Nagtatrabaho nin husto*

*Mga opisyaes ng pamahalaan
Nagtatrabaho ng mabuti*

Kailangan magtrabaho ng mabuti para sa ikauunlad ng isang bayan ng sagayon ay Makita ng mga tao na ang mga nailuklok na mga opisyal ng pamahalaan ay talagang masisipag para sa ikagaganda ng bayan at para na rin sa ikauunlad nito.

Implikasyon nito sa tao, na hindi lamang umasa sa mga opisyal para mapanatili ang kapayapaan ng bayan bagkus bilang mamamayan ay nararapat lamang na maging responsable sa pagtupad at pagsunod sa mga inaatas ng pamahalaan. Sa lipunan, na magkaroon ng isang payapa at magandang lipunan, upang ang mga dayuhan o turista na mga bumibisita ay magkaroon ng isang siguradad at magalak na bumalik olit sa isang lugar. Sa pamahalaan, na pagtibayin ang mga ipinatutupad na siguridad at kapayapaan sa kanyang sinasakupan, upang mas lalong gumanda ang lipunan kapag ang bawat isa ay sadyang nagtutulungan.

Ayon kay Saito et al. (2010), ang ganitong kaugalian ng Pilipino tulad ng pagkakaisa at pagmamahal sa

bayang at pagtutulungan ay madalas na makikita sa bawat Pilipinong naninirahan sa bansang Pilipinas. Dahil ang ganitong pag-uugali ng bawat Pilipino ay hindi mawawala kundi mabuhay ito at umusbong ng mabuti, para sa pagdating ng bagong henerasyon ay maipalaganap ito at maipasa olit sa mga bagong sibol.

Samantala ang sa henerasyon Gen X naman ay mayroong tema na; Pagtanaw ng utang na loob, pagiging honesto, pagpapasensiya, pagiging maka-Diyos at makikita ito sa tula ni Salud Dela Cruz na nasa saknong 5 at sa saknong 3.

*Pagkakararayo, tagumpay nan maogma,
Sa Dios pirme nakadumdom*

*pagkakaisa, tagumpay at kasiyahan
Sa Diyos palaging nakakaalala*

Karaniwan sa may-akda nito ay mayroong magandang inspirasyon at magandang nangyayari sa kanila. At higit sa lahat ipinapakita rin ang pagigingrelihiyoso ng mga taong naninirahan sa isang bayan, dahil ito ang pagkakakilanlan sa kanila. Sa kabila rin ng pagiging abala sa buhay ay napag-iisa ang mga taong sa likod ng kanilang tagumpay ay nariyan sila upang gumabay at magturo ng makabagong pagtuturo sa larang ng Edukasyon.

Ang isa pang awtur ng tula ay kakakitaan ng pagkakaroon ng pagtanaw ng utang na loob dahil sa ibinigay na karangalan na makapagpatayo ang isang tao ng paaralan upang ang mga mamamayan sa lugar ay hindi na mahirapan na pumunta pa sa mga malalayong paaralan kaya't ganoon na lang ang pagpapasalamat ng isang guro sa taong ito at sa kanyang buong pamilya na nagpapatuloy sa pagsuporta sa paaralang ito. Kaya sa tuwing nagkakaroon ang paaralan ng foundation day ay labis na pinasasalamat ng gurong ito ang pamilya, kasama ng mga naninirahan dito kung kaya nagawa ng gurong ito ang isang tula na pagpapasalamat bilang pagtanaw ng utang na loob pati na rin ang pagiging maka-Diyos ng mga mamayan. Makikita ito sa tigsik na isinulat ni Victoria Heje, isang guro at dalubhasa sa akademikong Filipino na nagpamalas ng kanyang angking talento upang mabuo ang isang tigsik at kanyang pasasalamat bilang tanaw na utang na loob, ganito ang mababasa:

*Itigsik ta an saiyang mga nagibo
Kan siya nabubuhay pa digdi sa mundo
Dakulunon an saiyang mga natabangan
Mga pamilyang nataw-an niya ki kaginhawaan.*

*Itigsik ko ang kanyang ginawa
Noong siya'y nabubuhay pa sa ibabaw ng mundo
Marami siyang natulungan
Mga pamilyang nabigyan ng kaginhawaan*

Kaya maraming mga mamamayan ang lubos na nagpapasalamat sa pamilya ng yumaong alkalde hindi lang ang mga mamamayan kundi pati na ang mga mag-aaral at ang mga naging guro sa paaralang ito.

Implikasyon din sa mga lipunan, dahil malaking bagay ito sa mga naniniraha at mga karatig barangay dahil sa mapapadali ang pagpunta sa pribadong paaralan, at malaking tulong sa lipunan dahi sa kasangga ang buong barangay na magtulungan sa paaralan sa tuwing mayroong pagpupulong, at katuwang ng pamahalaan patungkul sa mga pagpatupad ng mga ordinansa, sa mamamayan, hindi na mahihirapan pang pumunta sa malalayong paaralang pribado at nakakasigurong makapag-aaral ng mabuti ang kabataan.

Ayon naman kay Reyes (2015) ang pagiging maka-Diyos at pagtanaw ng utang na loob ay nagsisilbing haligi ng kaugaliang Pilipino na hindi maalis dahil sa ito'y espesyal na koleksyon na maihahanap bilang isang kagandahang loob na mayroon ang bawat Pilipino. At talagang naipapamana pa ito sa atin ng ating mga ninuno, at hanggang ngayon ay sadyang buhay na buhay pa, na dapat ding ipamana sa makabagong henerasyon.

Samantalang kakakitaan din ng temang Pagmamalasakit at pagmamahal sa bayan, pakikipag-kapuwa, pagbibigay-pugay sa tao, pagiging matulungin ang henerasyong Millenials, dahil sa ang karamihan sa

henerasyong ito ay talagang naging gusto ang pagsulat ng mga tula at kinagigiliwang magsulat ng mga tula lalong lalo na sa tuwing sila ay mayroong nais na paringgan ng kanilang tula, kagaya na lamang ng tula ni Francisco Esteves na mahilig magsulat ng tula simula ng siya ay nasa sekondarya at hanggang siya ay naging isang opisyal ng kanyang barangay, makikita sa kanyang tula ang pagmamalasakit na ginawa ng isang butihing tao sa kanyang lugar na binabaliwala lamang ng mga tao, ito ang naging pahayag sa kanyang tula na makikita:

*Daog pa san tunay na buta
An mga inkakalaban ka
Diri nira inibisita
An kauswagan na imo dinara*

*Daig pa ng isang tunay na bulag
Ang mga kinakalaban ka
Hindi nila binibisita*

Ang mga nais iparating ng ganitong kataga ay nagkakatulad sa isang tigsik ni Daryle Gacosta isang kawani ng pamahalaan ng Barcelona na kung saan ay pinapasalamat niya ang liderato ng isang alkalde kaya nagawan niya ng isang tigsik bilang isang pagpapasalamat sa mga kabutihang ibinigay nito sa pamahalaan at sa mga kataohan. Mababasa ang mga ganitong kataga sa kanyang tigsik:

*Mahigos, udok sa boot manerbihan.
Sincero, mahuyo an boot sa tawo.*

*Masipag, bukal sa loob ang pagtulong
Sinsero mapagkumbaba ang kalooban sa tao.*

Ang isinulat naman na tula ni Zandro Fegason ay nagpapahayag ng kanyang dakilang pasasalamat kaya nagawa o naisulat niya ang mga tula, siya ay isang kawani ng pamahalaang Barcelona kung kaya nagawa niya ang tula bilang isang magandang karanasan sa tuwing sila ay pumupunta ng mga barangay lalo na sa mga bukid upang mag abot ng tulong sa mga nangangailangan higit na sa mga kabataan na nag-aaral upang may maitustus lamang sa kanilang pag-aaral upang makapagtapos sa hinaharap. Hindi lamang sa paghahatid ng mga tulong kundi sa pagtulong din na mapaganda at lalo pang maging malinis ang kalikasan at masabi na malinis ang bayan ng Barcelona. Ito ang naging pahayag:

*Mga mahigos, matinabang,
May ayad na kaisipan,
May pagmakulog sa kapalibutan,*

*Mga masisipag, matulungin
May mabuting kaisipan
Mayroong pagmalasakit sa kapaligiran*

Ang isinulat naman ng isang guro sa Elementarya na si Sherly Mercado sa kanyang tigsik ay mayroong pagmalasakit sa mga nangyayari sa kabataan sa kasalukuyang panahon. Kung kaya naisulat niya ang tigsik na nagnanais na mapakinggan ng mga kabataan at ng mga magulang. Ganito ang mababasa sa tigsik ni Shirley:

*Tigsik ko an mga kabataan
Na pag asa kuno san ato bayan
Na kundi halos inaaragahan
Sa mga lakawan nan inoman.*

*Tigsik ko ang mga kabataan
Na pag-asa raw n gating bayan
Na kung halos inuumaga
Sa mga lansangan at sa inoman.*

Ang ganitong mga kataga ay pumupukaw sa mga kabataan na maging kapakinabangan ng lipunan para sa pag unlad ng sambayanan ito ang nais na iparating ng tigsik ni shirly at pumukaw sa mga magulang na bantayan at mapagsabihan ang kanilang mga anak, ito ang nag udyok sa awtur na maisulat ang ganitong tigsik.

Implikasyon nito sa lipunan na, maging mapamatyang at pagkakaroon ng Magandang disiplina sa sarili upang ang mga kulturang Pilipino ay mabuhay at hindi kumupas o mawala. Sa tao, na maging proresibo upang ang mga pag-uugali ng isang indibidwal ay hindi mawala kundi ito'y maging isang kapaki-pakinabang na maipamana sa bagong henerasyon ang ganitong mga kaugalian. Ipagpatuloy ang mga simulain tungo sa pagpapaunlad ng isang kulturang pamana.

Ayon sa pag-aaral ni Jumawan (2019), na lumabas sa kanyang pag-aaral na ang ganitong mga kaugalian katulad ng pakikipag-kapwa, pagiging matulungin, pagmamalasakit, pagmamahal sa bayan at matulungin ay isang positibong maiuugnay sa "core Values" ng mga Pilipino dagdag pa niya na kailangang masalamin ang mga ganitong kaugalian dahil ito ay bunga ng pagkakaroon ng Edukasyon sa Pagpapakatao.

Ang isang henerasyon naman na henerasyong Gen Z ay nagpapahayag ng temang Pagmamahal, pagmamalasakit, pagpapahalaga sa kalikasan, pangungulila, pag-aaral. Sa ganitong aspeto ay naibubulalas nila ang kanilang mga adhikain na maipakita sa tao ang kanilang mga hinaing at pagmamahal sa kanilang mga nasasakupan kundi pati na rin sa kalikasan. Kagaya ng naisulat ni Mark Anthony Bernal sa kanyang tula na pagdumdum ay mababasa ang isang pangungulila, kung kayat naisulat niya ito dahil sa kanyang damdamin at siya sa kasalukuyan ay nag-aaral pa at nagpapakadalubhasa sa larang ng Edukasyon medyor sa Filipino, hilig niya ang magsulat ng mga tula isang patunay ng pagiging makata, at ang kanyang naisulat ay buhat sa totoong mga pangyayari sa kanyang buhay. Mababasa ang ganitong kataga sa tulang pagdumdum:

*Langkag, Pagbasol, naghaharalo na saako,
Magub-aton sa pamati, intero na kulog nagbiriyo,*

*Panlumo, paghinagpis, sumasagi sa akin
Mabigat sa pakiramdam lahat ng sakit ay humalo na.*

Ang sa tigsik naman ni Jill Myka Gamba ay mababasa rin ang kanyang pagmamahal sa isang tao kaya't ito'y kanyang naisulat, siya ay nakapagtapos palang ng kanyang pag-aaral sa kolehiyo at talagang nahilig siya magsulat ng mga tula mula noong siya'y nasa sekundarya pa lamang. Mababasa ang mga kataga sa kanyang tigsik na pagkamoot ang ganito:

*Minsan ogma, minsan mundo
Minsan pagal, minsan trangkilo*

*Minsan saya minsan lungkot
Minsan pagod minsan ginhawa*

Ang ganitong damdamin ang nag udyok sa may-akda na maisulat niya ang kanyang tula dahil sa damdaming kanyang naramdaman. Sa isinulat naman na tigsik ni Rey Vincent Ernacio ay tungkol naman sa pag-aaral na kanyang itinanghal sa entablado bilang partisipasyon sa mga mag-aaral ng sekundarya, ang kanyang tigsik ang inilaban niya sa entablado at mababasa ang ganitong mga kataga:

*Mag-adal sin mayad
Tanganing si ina mo dae ka
masabaan.*

*Mag-aral ng mabuti
Upang si ina'y hindi ka mapagsabihan*

Ang ganitong damdamin ay halos pumukaw sakanyan upang pagtuunan ng pansin ang kanyang pag-aaral. Hindi lamang sakanyan kundi sa iba pang mga mag-aaral na magpursige na makapagtapos ng kanilang pag-aaral. Implikasyon sa lipunan, na magkaroon ng isang pagtutulungan pagdating sa paglinis ng kapaligiran at pakinggang mabuti ang mga hinaing ng kabataang nalulungkot pahalagahan ang edukasyon na siyang magpapaubong sa ating lipunan. Sa tao na, mahalín, pagibayuhin ang pagtangkilik sa pag-aaral upang ang kaalaman ay maging ehemplo sa mga susunod na henerasyon at mga kabataang walang gana sa kanilang pag-aaral.

Sang-ayon dito ang pag-aaral ni Jumawan (2019), sa mga kaugaliang napapaloob gaya ng Pagmamahal, pagmamalasakit, pagpapahalaga sa kalikasan, pangungulila, pag-aaral, dahil sa pagkakaroon ng Edukasyon sa pagpapakatao ay talagang namamayani at hindi mawawala ang ganitong kaugalian sa bawat Pilipino, na siyang magpapatuloy at magpamamana sa kasalukuyang henerasyon.

3.2 *Elemento ng Tulang Barcelonanon*

Ipinapakita rito ang mga elemento na nakapaloob sa tulang Barcelonanon. Ang mga naitalang elemento ng tula ay batay sa libro ni Almario (2017) na “Taludtod at Talinghaga” at sa mga tulang Barcelonanon ng mga manunulat sa bayan ng Barcelona. Nakita ang mga elemento tulad ng tugma, saknong, sukat at talinghaga na nakapaloob sa nasuring mga tulang Barcelonanon ng mga manunulat sa bayan ng Barcelona. Upang maging interesado ang mga mambabasa at tagapakinig kapag nabigyan ito ng magandang interpretasyon.

Tugma. Karaniwan sa mga akda ng mga tula ang pagkakaroon ng tugma ay upang ang kawilihan ng mga mambabasa o tagapakinig ay mahimok at magkaroon ng interes, ang elemento ng tula ang tugma na nagbibigay himig o indayog sa bawat taludtod ng isang tula ay nakakaganda sa pagbigkas ng tula. Ang pagkakapare-pareho ng dulong tunog ng dalawa o higit pang taludtod sa isang saknong ng tula. Ang pag gawa o pagsulat ng mga tula sa makabagong henerasyon ay malaking hamon upang maipagpatuloy ang pagsusulat nito at maiambag sa panitikan, kinakitaan ng elemento ng tugma ang mga naisulat na mga tulang Barcelonanon batay sa pagsusuri nito. Ilan sa mga akdang ito na mayroong tugma sa mga akdang nasuri, ay ang **Tigsik** ni “ Mark Anthony Bernal” na makikita ang:

*Tinigsik ko ining daraga,
Na dire lang magayon, mabuot pa,
Sa Intero na magkamuot sakaniya,
Tagan wara katapusan na pagpadaba.*

*Tinigsik ko ining bulan,
Pag inimod malin ka inbubungyudan,
Siya an ilaw sa ato tan-awan,
Kaniya suna, nagwawagas sa banwaan.*

*[Tinigsik ko itong dalaga
Na hindi lang maganda, mabait pa,
Sa lahat ng nahuhumaling sakanya
Pagbigyan walang sawang pagmamahal.]*

*[Tinigsik ko itong buwan
Kapag iyong tinatanaw, ika'y sinusundan,
Siya ang tanglaw sa hinaharap
Kanyang liwanag, dumadampi sa lipunan.]*

Makikita sa pahayag ang mga tugmaang patinig na “a” sa una at pang apat na saknong at katinig na “n” sa pangalawa at pang-tatlo na saknong at ang katinig na “g” naman sa pang-limang saknong. Ang akda naman ni Noel Estaras na “Bulan/Kadikloman” ay mayroong tugmaang patinig na “o” sa unang saknong, pang-tatlo, at pang-apat na saknong, ang katinig naman na “n” ay mababasa sa pangalawa na saknong. Narito ang halimbawa ng akda ni Noel sakanyang **rawitdawit**:

*Maimod ko kagayunan mo sa hirayo
Rulukso an ako puso
Maski magtago sa hirayo
Ikaw paman gihapon ang permi suyo.*

*Sa madulom na kagab-ihon
Permi ka hahanapon
Madakop man ako san hapon
Ipapamati ko ang pagkamoot, wara rason.*

[Nakita ko ang iyong ganda sa malayo

*Tumalon sa galak itong puso
Kahit magtago sa malayo
Ikaw parin ang susuyuin.]*

*[Sa madilim na gabi
Ikaw parin ang hahanapin
Mahuli man ako ng hapon
Ipapakita ko ang pagmamahal, walang rason.]*

Ang pag-uulit ang namamayaning prinsipyo sa pagtugma, nauulit ang dulong tunog ng panghuling salita ng sinundang taludtod, ang ganitong uri ng tugmaan ay lubos na nakakaganda ng pagbigkas ng mga tula lalo na ng mga mambabasa at sa mga tagapakinig nito. Ang paglapat ng mga tugma ng mga manunulat ay nakadepende sa kanila sapagkat ang ibang manunulat ay hindi naman sumusunod sa tugma ng tula bagkus sila ay mayroong sariling estilo sa pagsulat, sa dahilang malaya ang mga manunulat sa kung ano ang kanilang nais upang lalo nilang mapaganda ang kanilang obra, kapag sila ay nagsusulat ng kanilang mga akda. Makikita rin sa akdang sinulat ni Sherly C. Mercado sakanyang “tigsik” ang mga tugma pati na rin ang sinulat ni Vicky Heje sakanyang Tigsik rin na pinamagatang “Basta mga Celso Pursigo” at “Estudyante”, si sir Rey Vincent Ernacio para sa kanyang “tigsik” din. Dahil na rin sa mga sarili nilang kagustuhan pagdating sa panulat at walang nagbabawal sa kung ano ang nais nila sa kanilang piyesa, hindi naman ito masasabi na mababang uri ang kanilang mga naisulat na tula, kundi sa paraang malaya.

Narito pa ang isang halimbawa ng **tula** na sinulat ni: Joyce L. Triñanes na “Dorodianis”: na mayroong ginamit na katinig na “s” na makikita sa unang saknong ng tula at ang katinig na “n” na makikita sa pangalawang saknong ng tula.

*Naglalakaw ako pa Camarines
Nakaimod ako kahoy na Lansones
An burak mahamot, an bunga matam-is
Ikaw an pinili kay dorodianis”*

*Hiritik-hitik manok na baloron
Opod na sa ako kay oomagakon
Dire ka mahandal san imo pagkaon
Nanay si tatay mayad magpakaon.*

*[Naglalakad ako papuntang Camarines
Nakakita ako kahoy ng Lansones
Ang bulaklak mabango, ang bunga’y matamis
Ikaw ang pinili sapagkat kahali-halina]*

*[Magalak manok na maganda
Sumama sa kinang maging kabiya
Huwag mag-alala saiyong pagkain
Ang Inay at Itay mabuting magpakain.]*

Ang pagkakaroon ng implikasyon sa mga tulang Barcelonanon sa paraan ng pagbigkas ay nagkakaroon ng himig sa pagbigkas upang ang mambabasa o tagapakinig ay magkaroon ng kawilihan lalong-lalo na sa mga nakikinig ng pagbigkas ng tula. Sa lipunan, na nagpapalakas ng impak sa madla dahil sa tugmaan na binibigyan ng diin ng akda. Nagkakaroon din ito ng isang kalayaan sa mga manunulat dahil sa sila mismo ang gumagawa ng kanilang piyesa at naipapahiwatig ang kanilang sariling damdamin sa tuwing sila ay sumusulat ng mga tula. Sa lipunan malaking tulong ito upang maiparating ang nais na maikapahulugan upang ang mga suliranin sa lipunan ay mabigyan ng isang magandang solusyon. Sa mga tao, nagkakaroon ng kawilihan ang mga tao lalo na ang mga mag-aaral na makakuha ng mga ideya sa mga akda, lalo na ang mga pinakakahulugan nito. Sa Estruktura, nagagamit ang Elementong nakapaloob sa mga akda, ang tono o indayog, na nagbibigay buhay sa pag bigkas ng tula nagiging marikit at maganda ang nagawang tula, sa mambabasa, nagkakaroon ng rikit sa pagtutula ang bawat bigkas upang ang mga nakikinig ay masiyan at magkaroon ng masusing pakikinigsa bawat tula na bibigaksin ng mga makata.

Ang paggamit ng malayang taludturan ay isang malaking tulong sa mga manunulat upang ipagpatuloy ang kanilang paglathala ng mga tula lalo na sa sariling bayan na angkop sa kanilang mga pananaw o base sa kanilang mga obserbasyon maging ito man ay sa lipunan o sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Upang mapanatiling buhay at kinagigiliwan ang tugma at sukat.

Saad sa pag-aaral ni Dela Torre (2019) na sa pagsusulat ng tula ay nabibigyang halaga nito ang malayang pagpapalabas ng kanilang damdamin na hindi sumusunod sa wastong sukat at tugma. Binigyang-diin ni Dela Torre na sa malayang pagpapahayag ng damdamin ay nagtatamo ang sukdulang kahusayan ng isang manunulat na ipakita ang angking talento at karunungan sa pagsusulat ng mga akda at maibigay ang puna sa mga bagay na nakikita na maluwag sa kanilang damdamin dahil sa malayang paraan ng pagsulat.

Saknong. Sa popular na malikhaing pagsulat ng mga tula, ang isang yunit na nasa loob ng isang mas malaking tula ang saknong. Ito ay binubuo ng isang pagpapangkat sa dalawa o mas marami pang mga guhit ng salita o linya ng mga salita na tinatawag na mga taludtod o taludturan. Ang bawat taludtod ay nahahati sa pantig. Ang paggamit ng saknong ay naka depende sa mga manunulat ng tula batay sa kanilang nais, o kaya naman sa estilo ng manunulat kung ilang saknong ang kanilang nais na gawin. Dahil dito nahahati ng bawat saknong ang ideya na maaaring mabasa sa isang akda o tula ng mga makata, dito rin malalaman ang pinaka buod ng damdaming nais iparating ng may-akda sa mga mambabasa. Kagaya na lamang sa akdang “Barcelona an Bongto Ko” ang rawitdawit ni: Marissa Floralde-Brien, ito ang kanyang sinabi:

*Pag-isda, pagtanom, paghagot, paglukad
Pagnegosyo, pag-ataman sin mga hayop an linalaoman
Sa profession may iba-iba man, may padi, doctor, abogado, inhenyero*

*Pero an kadaghanan mahihigos na maestro na dedikado sa kanira trabaho
Kun manungod naman sa pagkaon
Kun namag-uruli o namagbakasyon an mga taga Barcelona na hali sa iba-ibang nasyon
Hinahanap nagad an sulì na kalunggay o pinangat na gaway na mahandabon
Na binabangutan sin bis-ang o tagunhason
Mas masiram an karaon kun may panimpla
An paga sin kuyog na kuruton na
Kaabay an mahandab na pili na linanta
Lalo kun may panulsi na prutas na hinog na*

*Tinog-on na duma an masiram na merienda
O an matam-is na hinagom o an maylatik na binot-ong
Lalo masiram kun may kape na inumon
Magiging dianis an kahapunon*

*[Pag-isda, pagtanim, paghagot, pagkopra
Pagnegosyo, pag-aalaga ng mga hayop ang hanapbuhay
Sa profession ay iba-iba rin may, pari, doctor, abogado at enhenyero]*

*[Pero ang karamihan masisipag na guro na dedikado sa kanilang trabaho
Kung sa pagkain naman ang pag-uusapan
Kapag umuuwi o nagbabakasyon ang mga taga Barcelona galing ng ibang bansa
Hinahanap ang gulay na malunggay o pinangat na gabi na may latik]
[May sahog na tuyong isda at kabibi
Mas masarap ang kainan kapag may panghimagas
Ang katas ng dilis na makurot kasama ang pili na nilaga
Lalo na kung mayroong mga prutas na hinog]*

*[Linagang bungang kahoy ang masarap na meryenda
O ang matamis na Espasol o ang may latik na binutong
Lalo pang masarap kapag may kapeng kasama
Magiging maganda ang pagkahapon.]*

Makikita sa akda na ito ang 18 saknong at apat na taludtod sa bawat saknong na ginamit ng may akda upang lubos na maunawaan ng mga mambabasa ang ibig iparating ng tula, at maging kaakit-akit ang ginawang akda.

Mababasa din ang pagiging payak na pamumuhay ng bayan at pagiging mapagbigay lalo na kapag mayroong mga bisitang dumarating, ipinapakita sa akdang rawit-dawit na ito ang pangunahing hanapbuhay ng bayan at kung ano ang pinagkakaabalahan ng mga mamamayan, ang mga tulong sa pang-araw-araw na ekonomiya. Mababasa din sa akdang ito ang pagbibigay ng malalim na kasaysayan ng Barcelona kung ano ang wangis nito noong nagdaang mga panahon at ang kasalukuyang panahon, na talaga namang mayroong pagkakaiba ang wangis, pagdating sa kultura ay talaga naman mula noon hanggang ngayon ay buhay na buhay pa ang mga ito at sadyang pinagtotoonan pa ng pansin at pagpapahalaga.

Makikita rin sa ibang mga nasuring akda ang mga saknong na ginamit gaya sa akda ni Victoria Heje sakanyang tigsik na “(Para sa samong padaba na si Honorable Celso F. Falcotelo asin sa saiyang pamilya sa pagselebrar kan “MEMORIAL DAY 2019”)” na mayroong saknong na 13 at apat din ang taludtod sa bawat saknong. Mahihinuha sa akdang ito na binibigyang pugay ng may-akda ang pamilya at ang taong nagbahagi ng kanyang mabuting kalooban na makapgapatayo ng paaralang pampubliko upang ang mga naninirahan sa barangay na ito ay hindi na pumunta sa malalayong bayan upang makapagtapos ng sekondarya. Naging malaking tulong ito sa mga mamamyanang sinasakupan nito at sa mga karatig barangay, kaya ganito na lamang ang pagbibigay pagpapahalaga at importantsya ng mga guro sa pamilya ng namayapang dating alkalde ng bayan ng Barcelona na si Hon.Celso F. Falcotelo.

Ang akda ni Francisco E. Esteves sakanyang “Saimo Ako” ay sinuri din at mayroong 10 saknong at apat na taludtod sa bawat saknong. Makikita rin sa akdang tula ni Mark Anthony D. Bernal na “Ulunan”, mayroon itong 6 na saknong at limang taludtod sa bawat saknong:

*Hain kana? Yun ka naman sa taguan,
Nagtataas nanaman baga an bulan,
Nababati kona pagbuhos sin uran,
Sa dughan ko nangatok si kamunduan,
Minsan man lang deri ako inudungan.*

*An pagmati ko ako na lang magsayo,
Sa madulomon nan piuton na kwarto,
Mga boses nagpapasuway sa ulo,
Mayad nga kay yuon kana sa abay ko,
Sa pagturog ko man inupodan moko.*

*[Nasaan kana? Nariyan ka naman sa taguan,
Tumataas naman ang buwan,
Naririnig ko na ang buhos ng ulan,
Ang dibdib ko’y kumakatok naman sa kalungkutan,
Kahit minsan hindi ako nahihintuan.]*

*[Ang aking pakiramdam ako’y mag-isa lamang
Sa madilim at maliit na kwarto,
Mga boses naghihiyawan sa aking ulo,
Mabuti na lang nariyan ka sa tabi ko,
Sa pagtulog ko ako’y sinasamahan mo.]*

Makikita sa talata na ito ang anim na saknong at limang taludtod sa bawat saknong, na naidesenyo sa akda ni Mark. Makikita rin sa mga akda na ito ang pagkakaroon ng malawak na imahinasyon at pagkamalikhain ng mga manunulat kung papaano nila idenitalye ang kanilang mga saloobin upang ang mga mambabasa o sa kanilang mga taga pakinig ay lubos na masiyahan sa kanilang mga isinulat na mga akda. At pagkakaroon ng mga makabagong estilo sa kanilang mga panulat, sa ganitong aspeto ay naipapakita na ang mga makata ay mayroong kalayaan sa pagsulat ng mga akda dahil sa kanila ang disisyon kung ilang saknong ang kanilang gagamitin. Sa ganitong aspeto ng panulat ay nagagawang pag isahin ang mensahe na nais na maipabatid sa mga mambabasa o taga pakinig.

Makikita rin sa ibang akda ng mga tula ang hindi pagkakapareho ng mga saknong sa bawat taludtod isa na dito ang akda ni Zandro Fegason na “Patara-tara” na ganito ang pagkakasulat:

*Sa tindi san paso
Tubi-kulang 1 na baso,
Nakiinom maski diin na balay
Kay diritso makipamunay.*

*Si kagawad [2] ungod an payungan
Si tanod bungyudon man
Si kagawad [1] una-una na
Si BNS naglalanat man
Wara sira kaaram-aram
Si secretary sige an picture ugang.*

*Sa sulod sin 1 kaadlaw
Kami sige hak an ralakaw-lakaw
Mayad ngani sa Bulod
Kay wara tungaw
Kundi, kami sini Bungaw.*

*[Sa tindi ng init
Tubig kulang ang 1 baso
Nakikiinom kahit saang bahay
Nakikituloy upang magpahinga.]*

*[Si kagawad [2] seryoso sa pagpayong
Ang tanod na sumusunod din
Si kagawad [1] na una-una din
Si BNS humahabol din
Walang kaalam-alam
Ang secretary tuloy sa pagkuha ng litrato]*

*[Sa loob ng 1 araw
Kami halos patuloy sa paglalakad
Mabuti na lang sa Bukid
Walang tungaw
Kung hindi lahat kami ay hilong-hilo.]*

Ipinapakita sa talata ang pagkakaiba iba ng mga taludtod sa bawat saknong, dahil sa kawilihan ng manunulat at sa kanyang kalaayaan sa pagsulat ng mga tula, ganito rin ang gamit ng isa pa niyang akda na “Rise Up! Clean Up!” makikita rin ang ganitong disenyo ng mga panulat ng mga may akda ang pagkakaiba-iba ng saknong ng bawat taludtod sa isang saknong, makikita sa mga akda nina: Noel Estaras sa “Kabataan” at sa tula ni Salud G. Dela Cruz na “Bag-ong Taon, Bag-ong Bukas”. Ibig sabihin lang ng ganitong estilo ay nasa malayang pagsulat ng tula ang ginamit ng manunulat upang maging makabuluhan ang kanyang piyesa.

Implikasyon ng saknong sa pagsulat ng mga tula ng mga manunulat ang, una, sa estruktura, nagkakaroon ng organisasyon ang ideya ng akda, napagsusunod-sunod ang mga mensahe ng malinaw at may kaayusan. Sa mambibigkas, nagkakaroon ng espasyo ang bawat mensahe at nabibigyan ng detalyadong diin ang bawat mabibigat na mga kataga na nais iparating sa tagapakinig, sa kultura, nakakasunod sa elemento ng isang tradisyunal na tula. Na nagbibigay kalayaan sa mga manunulat upang lubos na makuha at maunawaan ang mga mensaheng nakapaloob sa bawat saknong ng kanilang piyesa. Sa mambabasa, nagkakaroon ng paghinga kahit ilang Segundo upang maihatid ng maganda ang kanyang binibigkas na tula, maipahatid ang mensahe sa tagapakinig ng maayos at mayroong yabong.

Sa mga naitalang mga tula, karamihan sa mga manunulat ay tinatangkilik ang malayang anyo ng pagsulat, sang-ayon naman sa pag-aaral ni Lemire (2021), na ang “slam” ay isang paligsahan sa tula kung saan ang mga makata ay gumaganap ng mga orihinal na gawa ng mag-isa o sa mga pangkat sa harap ng madla na humahatol sa gawa para sa paganap nito at para sa nilalaman at estilo o anyo nito. Patunay lamang na ang sariling estilo ng mga manunulat sa paraan ng pagsulat ay naging katanggap-tanggap na sa kasalukuyang panahon lalo na pagdating sa larangan ng panitikang panulaan. Makikita na isang paligsahan at binibigyang pansin o isinasaalang-alang ng mga nakatataas o namumuno ng isang tagisan.

Talinghaga. Isa sa mga mahalagang sangkap ng tula na mayroong malalim na pagpapakahulugan sa mga taludtod ng tula. Nakapaloob sa mga taludtod na ginagamit kagaya ng tayutay, larawang-diwa, idyomatikong pahayag na may konotasyong pakahulugan upang mas lalo pang pag ighan ng mga mambabasa ang pagtangkilik at kawilihan sa pagbasa ng mga akdang tula ng mga tagapakinig o ng mga mambabasa. Ang mga sulatin tulad ng mga akdang tula ay mapapansin ang hiwaga o ang lalim na nakapaloob sa mga sulatin dito. Isa sa mga elemento na nakapaloob sa mga nasuring mga tulang Barcelonanon ay ang talinghaga. Gumagamit ang may akda ng talinghaga upang maging kasiya-siya ito sa mga mambabasa o tagapakinig kabilang ang akda ni Francisco E. Esteves na kinakitaan ng talinghaga sa kanyang tula na “Saimo Ako” na may katagang

*An dati na mur-iton na Barcelona,
Kinarigusan mo, pinabanguhan pa*

*[Ang dating madungis na Barcelona,
Pinaliguan mo't pinabanguhan pa]*

Ibig sabihin ng talata na ito na binigyang pagpapahalaga ang isang bayan na dati'y hindi nakikilala ngunit sa kasalukuyang panahon ay unti-unti itong umusbong at nakilala ng mga tao kahit nan g mga turista. Ibig sabihin lang nito na nagkaroon ng pagpapahalga sa sariling bayan na maging maayos at kawili-wili sa mata ng mga tao. Ngunit sa ganitong aspeto ng pagsisilbi sa isang bayan ay hindi maalisan din ng samot-saring reaksiyon o pag-aagam-agam ang mga tao kaya nasambit din ng may akda ang ganitong kataga:

*Daog pa san tunay na buta,
An mga inkakalaban ka*

*[Daig pa ng tunay na bulag
Ang mga sinisiraan ka]*

Ang nais lang ipabatid ng ganitong kataga na dapat ay naging mapanuri ang mga tao sa ginawang kabutihan at tanggapin ito ng buong puso. Dahil ang mga nag-nanais na kalabanin ang isang tao kahit may mabuting kalooban ay nagiging bulag sa katotohanan na tila ba walang ginawang kabutihan sa kanila na ang nais lang ay manira ng kanilang kapwa. Mapapansin din sa akda ni Joyce Triñanes ang mga talinghagang ginamit sa kanyang akda, mababasa ang ganito:

*Linescay an sabaw
Lunahaw an inehaw*

*[Hinalo ang sabaw
Bumitaw ang inihaw]*

Ibig sabihin lang nito na talata na mayroong namamangka sa dagat, na kapag ginamit ang kanyang sagwan ay tatakbo ang kanyang Bangka upang makapaglaot at manghuli ng isda, hindi naman literal na kapag hinalo ang sabaw ay tatakbo ang kanyang inihaw na wala namang sabaw ang pag ihaw. Ganito rin ang nais ipakahulugan ng isa pang talata na nag wika:

*Pinana ko na aga,
Hapon ko na kinuwa*

*[Sinibat ko na umaga
Hapon ko na kinuha]*

Ibig sabihin, ito ang gamit na mga bintana noong unang panahon na ginagamitan ng tukon ang bintana upang mabuksan at kapag isasara na ay aalisin na ito. Dahil wala namang nangingisda na kapag namana ng umaga ay kukunin ito ng hapon, dahil mismo kapag nakapana na ng isda ay agad itong kukunin. Sa ganitong mga pangyayari ay malinaw na magkakaroon sila ng isang katanungan kung ano ang ibig ipahiwatig ng mga nilalamansa bawat akda, magkakaroon sila ng isa ding kaisipan kung bakit ganito ang naisulat ng mga makata; sa tula ni Joyce Triñanes, na “yadto na, Yadto na”, mababasa rin ang isang pahayag na ganito ang sabi:

Butog na Butete [*Lumubo na Butete*]

Ang pahayag na ito ay nagpapakahulugan lang; na ang baon niyang pera ay marami sa kanyang kalupe. Pinapaalalahanan ng manunulat ang kahalagahan ng pag-iimpok, ng sa ganun ay mayroong baon na pera sa tuwing tayo ay aalis ng bahay o kung mayroon man tayong mga lakad. Hinihinuha din ng manunulat ang mga mambabasa lalong-lalo na ng mga mag-aaral na dapat din silang mag-impok ng pera upang sa pagdating ng panahon ay mayroon silang makuha, hindi ang kung ano ang gustong bilhin kahit hindi importante ay bibilhin. Ibig sabihin lang nito na puno ang kanyang kalupi ng pera, kaya't sinabi na butog na butete, dahil ang isang tao kapag aalis ay parating maybaon na pera para mayroon siyang panggastos. Ito ang pagpapakahulugan ng katagang ito. Ang pahayag naman ni Jill Myka Gamba sa kanyang tigsik na pinamagatang "Pagkamoot" ay mayroon ding nasuring talinghaga na nakasaad:

Malin man ngay-an dampog [*Parang isang kulimlim*]

Ang ganitong uri ng paghahalintulad ng makata sa isang ulap bilang isang kulimlim ay makikintal din ang sa kung ano ang nais na ipahayag ng manunulat sa kanyang mga mambabasa o taga pakinig, na sinasabing isang kalungkutan. Ito ang nais na ipakahulugan ng manunulat sakanyang akda, para sa mga mambabasa niya o tagapakinig. Maaaring humantong sa isang hindi pagkakaunawaan dahil sa nagiging Malabo ang pagmamahal na nais na iparating din. Dahil din sa pagmamahal ng isang tao sa kanyang sinisinta ay ganito ang kahihinatnan na, sa oras ng kanilang pagsasama ay makararanas din pagiging Malabo ang pagsasamahan dahil na rin sa kanilang hindi pagkakaunawaan o mayroong hindi pag-iintindihan dahil sa kung sino ang mayroong nagawang kasalanan. Gayundin ang sa akda ni Zandro Fegason na "Rise Up! Clean Up! ay makikita rin sa isang saknong ang ganito:

Mga palsipikador Kan BARCELONA
[*Mga palsipikado ng BARCELONA*]

Ipinapakahulugan lang nito na ang mga tao sa Barcelona, kahit na ang ilan ay nagiging pasaway, ngunit pagdating sa pagtulong ay talagang maaasahan at malalapitan, basta't may halong magandang paki usap kahit na hindi sila mabayaran bagkus ay mayroon lang ng pagkain pagkatapos ng kanilang pagtrabaho kung ito man ay sa maghapon. Hindi man diriktang sinabi ng may akda na pasaway, ngunit ito ang nais na iparating sa mga mambabasa o tagapakinig sapagkat bilang isang mamamayan ay dapat na magkaisa at magtulungan para sa ikagaganda ng isang bayan. Ito rin ang dapat na manaig sa mga taong palaging nagpapasaway sa bayan.

Implikasyon ng talinghaga sa lipunan, nakukuha ang mga interes ng mga mambabasa sa ipinahayag na talata dahil sa kakaibang pagpapahayag ng mga salita. Sa kultura napapanatili ang elemento ng isang tradisyunal na tula, na ang talinghaga. Sa kabataan, makikintal sa kanilang isipan ang mga nais iparating ng mga talinghaga na ang kakayahan nitong maging malalim na pagpapakahulugan sa kanila na dapat ay kailangan ng masusing pag-aaral upang makuha ang ibig sabihin o ang ipinahihiwatig na mensahe ng mga ginagamit na talinghaga kapag sila ay nagbabasa ng mga tula. Ipinapakita lamang ng talinghaga na ang bawat parirala ay mayroong nakatagong kahulugan na hindi basta basta mauunawaan maliban na lamang kung ito'y mabibigyan ng isang masusing pagsusuri upang lubos na maunawaan.

Ayon sa pag-aaral ni Miculob (2020) na pinamagatang pagsusuri sa mga piling Fliptop Lines, ay mayroong layunin na masuri ang antas ng wikang nangingibabaw sa mga piling fliptop lines, matukoy ang paglalarawang ginamit at masuri ang pangkalahatang dimensyong pantao. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, napag-alaman na ang mga salita sa mga fliptop lines ay nasa ibat ibang antas ng wika. Mula sa pinakamababang antas patungo sa pinakamataas. Ito rin ay nagtataglay ng mabisa at malikhaing paggamit ng kasangkapang panliteratura tulad ng mga tayutay at simboolismo na nagsisilbing tulay upang maintindihan ng mga tagapakinig ang mas malalimang mensahe.

3.3 Kalipunan ng mga Tulang Barcelonanon

Ipinapakita sa bahaging ito ang sipat-suri sa mga tulang Barcelonanon na isinulat ng mga partisipant mula sa iba't ibang barangay ng bayan ng Barcelona. Ang kalipunan ng mga tulang ito ang nagsilbing pangunahing

awtput ng pananaliksik. Layunin ng bahaging ito na maipakita at maipakilala ang kahusayan ng mga manunulat sa bagong anyo ng panulaan na tumutugon sa kasalukuyang henerasyon. Ang naging awtput ay isang babasahing aklat na binubuo ng pabalat, panimulang bahagi tungkol sa panitikang Pilipino, at pasasalamat sa mga taong naging bahagi ng pagbuo ng pag-aaral. Kalakip din sa aklat ang mapa ng bayan ng Barcelona na may kulay na palatandaan ng mga barangay kung saan nakalap ang datos, pati na rin ang opisyal na logo ng bayan.

4. Kongklusyon

Mahalagang pag-aralan ang panitikang mayroon ang bawat lugar sa Pilipinas, lalong-lalo ng sariling bayan o ng isang lugar, sapagkat dito ay mahihinuha ng mananaliksik ang isang nakaka bilib sa mga manunulat na kanilang naisusulat ang kanilang sariling wika sa larangan ng pagsulat ng mga tula, tigsik, rawitdawit o bugtong. Naisasa-alang-alang nila ang kanilang mithiin upang maipagpatuloy at maipamana sa mga makabagong henerasyon ang kanilang talentong tinatago. Ang kanilang pagmamahal sa sariling bayan ay kanilang naipapakita sa bawat taludtod ng kanilang panulat, sa bawat saknong ng tula maipapakita rin nila ang kanilang buhay, buhay na mayroon sa isang bayan o lugar. Isang makulay na aspeto ng panulaan, mula sa estruktura at anyo ng mga tula maging sa mga kultural na elemento at mga pangnilalaman ng bawat akda, ang kasaysayan na matatagpuan dito, mga karanasan, saloobin at damdamin ng isang manunulat ay nagsisilbing tulay sa pagpapalaganap ng mga lokal na kultura at pagpapahalaga sa wika, kagaya ng pagpapahalaga ng wikang Barcelonanon. Ang kahalagahan ng mga tradisyunal at paniniwala at kung paano ito nakatutulong ng malaki sa paghubog ng kolektibong identidad ng isang komunidad. Ang pagsipat at pagsuri sa mga tulang Barcelonanon ay mahalagang salik ng panitikang mayroon ang Pilipinas at ang kultura na mga nakapaloob sa mga naisulat ng mga manunulat sa bayan ng Barcelona. Mahalaga rin ito para sa pagtuturo ng panitikan sa batayang edukasyon, magpapalalim ng kamalayan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa sariling wika at kultura na mayroon ang bawat bayan.

Rekomendasyon - Nararapat na magkaroon ng pag-aaral ng mga tula, tigsik, rawit-dawit at bugtong, bilang parte ng panitikang Filipino. Maitaguyod at mapahalagahan ang sariling wika, at maipakilala ang sariling likhang sining na mayroon ang bayan ng Barcelona pagdating sa pagsulat ng mga Tula. Magkaroon ng kamalayan sa pag hubog ng isipan upang mapahalagahan ang mga panulat ng mga likhang akda, lalong-lalo na ng mga mag-aaral upang sa pagdating ng panahon ay mayroon din silang maipakilala na mga likhang sining, maiambag sa panitikan at maipakita ang husay, talento pagdating sa pagsulat ng mga tula. Hikayatin at suportahan ang mga mag-aaral na sumali pagdating sa mga patimpalak upang mahubog ng husto ang kamalayan hindi lamang sa pagsulat bagkus ay sa pakikipagtalastasan din. Magamit ang nabuong aklat sa pagpapakilala sa mga kabataan at maging sa mga gurong nagbahagi ng kanilang ambag sa kasalukuyang panitikan ng Barcelona sa pamamagitan ng kanilang mga obra. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnay sa kasalukuyang pananaliksik upang maging sandigan at gabay ng mga susunod na mananaliksik.

5. Talasanggunian

- Almario, Virgilio S. Taludtud at talinghaga: mga sangkap ng katutubong pagtula/Virgilio S. Almario.—Manila: Komisyon sa Wikang Filipino (2017).
- Anderson at Taylor (2007) katuturan ng Kultura
<https://www.studocu.com/ph/document/pontifical-and-royal-university-of-santo-tomas-the-catholic-university-of-the-philippines/sociology/katuturan-ng-kultura/38970871>.
- Atienza,G.https://www.researchgate.net/publication/365422438_Pagsusuri_sa_mga_Piling_Fliptop_Lines_Nina_Abra_at_Loonie_Mungkahing_Disenyo_Ng_Aralin.
- Balunsay, J.R. at Tindugan S.M.(2017), Tigsik at Tirigsikan: Sipat at Suri sa mga Piling Pasalitang Tulang Caramoranon ng Isla Catanduanes, Pilipinas.
- Bauca, A. L., (2024), Mga Kuwentong Butanding sa Bayan ng Donsol.
- Cerillo, J.A.V.(2024), Silip-Kuwento sa Pinagmulan ng Pangalan ng mga Barangay sa Bacon. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon. Paaralang Gradwado.
- Dapyawin, G.B.(2024), Historiko-Kultural na Pamana sa mga Barcelonanon.

- De Juan (2015). The legend and its brief history [Ang alamat at ang maikling kasaysayan nito]. Retrieved from <https://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/ang->
- Dela Torre, E.H., 2019. Pagsusuri sa mga piling Word Poetry ni Juan Miguel Severo: Mungkahing Disenyo ng Aralin. Academe University of Bohol.
- Enrijo, W. A., Bola, A. B., Maniquis, A. B., Salum, R. T., Canlas, J. D. R., Dasig, M. J. R., Villarde, S. A., Cruz, J. A., Magpantay, R. C. S., Gellecano, J. O., & Francia, M. L. (2016). Panitikang Pilipino-ikawalong baitang:Filipino-Modyul para sa Mag-aaral. Vibal Group Inc.
- Esquibel, N.A. (2024), Oral na Tradisyong Pampanitikan sa Bayan ng Castilla: Isang Pagsusuri.
- Gascon, D. O. (2015). Oral literary tradition: Manual for K to 12 revised curricula on
- Howard, M. (2013) Symbolism and Imagery in literature Definitions and examples video; Retrieved from: <https://bit.ly/345Z7qu>.
- <https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2017/11/CMO-No.-75-s.-2017.pdf>
2017. "CHED Memorandum Order No. 75, Policies,
- <https://privacy.gov.ph/data-privacy-act/>.
- <https://www.google.com/search?client=firefox-b-d&q=Palangdan+2021>.
- <https://www.google.com/search?client=firefox-b-d&q=panopio+2007>.
- <https://www.google.com/search?client=firefox-b-d&q=Pineda+2006>.
- <https://www.oxfordbibliographies.com/display/document/obo-9780190221911/obo-9780190221911-0025.xml>.
- Jumawan, R.O. (2019). The personal values of student assistants of St. Paul University Dumaguete. Philippine E-Journals, 7(2). Retrieved September 6, 2019, from <https://doi.org/10.17719/jisr.2019.3494>
- Lemire, C. D., 2021. Speaking Songs: Music-Analytic Approaches to Spoken Word. The University of Western Ontario.
- literacytrust.org.uk/research-services/research-reports/children-and-young-peoples-engagement-with-poetry-in-2023. Literature, History, and Social Studies. International Journal of Languages, Literature and Linguistics, 1(2), 146-141.
- Lorenzo, M. T., et al. (2010). Literatura ng Iba't Ibang Rehiyon ng Pilipinas (Binagong Edisyon). Grandbook Publishing, Inc.
- Lumbera, Bienvenido L."Panitikang Panrelihiyon, Panitikang pambansa:Magkabuklod at Magkarugtong."Writing the Nation/Pag-aakda ng Bansa. University of the Philippines Press, 2000,pp162-65.
- Macaraig, Milagros B. (2014). Sulyap sa Panulaang Filipino. Lungsod ng Quezon: Rex Book Store.
- Mark, Joshua J. (2009). Literature Definition. <https://www.worldhistory.org/literature/>
- Mooney 2011.<https://mycurrentevent.wordpress.com/2020/05/19/ang-lipunan-at-istrukturang-panlipunan/>.
- Miculob, A. R., (2020), Pagsusuri sa mga Piling Fliptop lines nina Abra at Loonie: Mungkahing Disenyo ng Aralin
- National Literacy Trust. 2023. Children and Young People's engagement with poetry in 2023.
- Park, S., & Habjan, J. (2023). World Literature. DOI: 10.1093/OB/97800190221911-0025
- Perez, D. R. & Dela Rosa, L. (2015). Palawan Indigenous Dances: Bases for integration of teaching materials for Kto 12 curriculum. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 2(4), 51-59.
- Ramos, J.P., Saligang Batas ng Pilipinas (1987), Artikulo XIV. Edukasyon, Agham at Teknolohiya, mga Sining at Isports.
- Republic Act 10173-Data Privacy Act of 2012
- Republic Act No. 7356, Artikulo XIV edukasyon, agham at teknolohiya, mga sining, kultura, at sports (Education, Science and Technology, Arts, Culture, and Sports), Seksyon 15.
- Republic Act No. 8492, National Museum Act of 1998.
- https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1998/ra_8492_1998.html
- Reyes, J. (2015). Loob and kapwa: An introduction to a Filipino virtue ethics. An international journal of the Philosophical Traditions of the East, 25(2). <https://doi.org/10.1080/09552367.2015.1043173>
- Rexroth, K. (2024). Literature. <https://www.britannica.com/art/literature>
- Rizal, Jose. 2006. El Filibusterismo. Translated by Soledad Lacson-Locsin. University of Hawaii Press.

Salazar (1995).

<https://www.studocu.com/ph/document/san-pedro-college-of-business-administration/bachelor-of-science-in-accountancy/panitikan-kahulugan-at-mga-anyo/25981704>.

Saito, I., Immamura, T., & Miyagi, M (2010). Filipino Personality traits and values for social support: FOW as human resources for work life balance in Japan. Retrieved on May 7, 2021, from <https://core.ac.uk/download/pdf/268585064.pdf>.

Santiago, Lilia Quindoza. Sa Ngalan ng Ina: Sandaang Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas. 1889-1989. University of the Philippines Press, 2002.

Standards and Guidelines for Bachelor of Secondary Education (BSEd). ”

Villanueva, Z. (1998). Panitikan ng Pilipinas. Meriam & Webster Bookstore, Inc.

